| | | ***Technology Integration*** |
|---|---|---|
| **PANGALAN** | Johnessa May C. Gervero | |
| **PAMAGAT** | Banghay Aralin sa Edukasyon sa Pagpapakatao<br>Baitang 6<br>Unang Markahan | |
| **MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO** | 1. Naisasagawa ang mga tamang hakbang na makakatulong sa pagbuo ng isang desisyon na makakabuti sa pamilya. | |
| **MGA LAYUNIN** | Pagkatapos ng aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang:<br><br>Pangkabatiran:<br>• Natutukoy ang mga hakbang o pamamaraan sa tamang pagpapasya.<br>Pangdamdamin:<br>• Napapahalagahan ang tamang pagpapasya para sa ikabubuti ng pamilya.<br>Saykomotor:<br>• Nakapagtatala ng mga iba pang hakbang sa pagpapasiya na makakatulong sa ikakabuti ng pamilya. | |
| **PAKSA** | Aralin 1: Maging Mapanuri sa Pagpapasiya, Ikakabuti ito ng Pamilya | |
| **PAGPAPAHALAGA** | Mapanuring Pag-iisip | |
| **MGA SANGGUNIAN** | Marte, N. and Punsalan, T. (2018). Paano Magpakatao. Page #3-12 | |
| **MGA KAGAMITAN** | Laptop<br>Projector<br>Speaker<br>Mobile Phone or Gadgets<br>White Board<br>Clicker | |

| | | |
|---|---|---|
| **GAWAIN** | Panuto: Tignan ng mabuti ang mga sumusunod na sitwasyon at isipin kung anong pagpapasya ang gagawin mo.<br><br>1. Nababahala ang iyong mga magulang sa madalas mong paglalaro gamit ang kompyuter o tablet. Sa palagay mo wala namang masama sa iyong ginagawa ngunit patuloy pa rin silang sa pagpapaalala sa iyo. Ano ang gagawin mo?<br><br>2. Inutusan ka ng iyong nanay na mag-alaga ng iyong nakababatang kapatid subalit ikaw ay may napangakuan nang kamag-aral na sasamahan sa inyong paaralan. Ano ang magiging pasya mo?<br><br>3. Nabigla ang iyong tatay sa laki nang babayaran ninyo sa kuryente. Pinulong niya ang buong pamilya at humingi ng suhestiyon kung paano kayo makakatipid sa paggamit ng kuryente. Anong suhestiyon ang maibibigay mo?<br><br>4. Niyaya ka ng iyong mayamang kaibigan na dumalo sa pagtitipon para sa kanyang kaarawan. Gustong-gusto mong dumalo ngunit wala kayong pera para makabili ng magara at magandang damit naisusuot sa nasabing pagtitipon. Ano ang magiging desisyon mo? | Story Jumper (Story board) |
| **PAGSUSURI** | Ano ang iyong naiisip o nararamdaman tungkol sa Gawain?<br><br>1. Naging madali ba ang pagpapasyang iyong ginawa? Bakit?<br><br>2. Ano ang pinagbatayan mo sa pasyang iyong ginawa? Bakit?<br><br>3. Bakit dapat suriin nang maigi ang gagawing pagpapasya?<br><br>4. Paano mo mapatutunayan na tama ang desisyong pinili mo?<br><br>5. Bakit kailangan isaalang-alang ang kapakanan ng iba kaugnay sa sariling pagpapasiya? | Giphy (GIFS) |

| | | |
|---|---|---|
| **PAGPAPALALIM** | Paglalagom ng mga Natutuhan<br>➢ Ang pagpapasya ay isang prosesong pamimili mula sa mga posibleng solusyon o aksiyon na maaring gawin upang bigyang-kalutasan ang problema o suliranin na kinakaharap.<br>➢ Ang sumusunod ay ang mga posibleng maging epekto ng tamang pagpapasya sa pamilya:<br>• Ang maingat at pinag-isipang pagpapasya ay nakatutulong sa paglutas ng mga suliraning kinahaharap ng pamilya.<br>• Ang pagsisikap na makagawa ng mabuting pasya ay nangangahulugang pagsaalang-alang ng kapakanan at ikabubuti nang marami.<br>• Higit na magiging mabuti ang pagpapasya kung magtutulungan ang bawat isa upang mas maraming kaisipan at opinion ang pagpipilian.<br>➢ Ang sumusunod ay ang mga tamang hakbang sa pagpapasya:<br>• Dapat alamin ang suliranin o kung ano ang pagpapasyahan.<br>• Mangalap ng mga impormasyong makakatulong sa iyong pagpapasya.<br>• Isipin ang maaring maging mga solusyon sa suliranin.<br>• Pag-aralan at suriin ang mga naiis ipasolusyon o opsiyon na iyong pagpipilian.<br>• Pumili ng solusyon at gawin ang pagpapasya.<br>• Suriin ang kinalabasang napiling solusyon.<br>➢ Mahalagang malaman at maisagawa ang mga tamang hakbang sa pagpapasiya sapagkat ito ay makakatulong sa pagbuo ng pasyang makabubuti sa pamilya. | E-Maze (Presentation) |

**PAGLALAPAT**

Pagnilayan at sagutin ang mga tanong tungkol saiyong karanasan sa pagpapasya. Alin sa mga tamang hakbang sa pagpapasya ang hindi mo nasunod? Bakit? May mga paraan ba upang mapaunlad mo ang pagsunod sa hakbang na ito?

| Alin sa mga tamang hakbang sa pagpapasya ang hindi mo nasusunod? | Bakit hindi mo nasusunod ang hakbang na ito? | Ano ang magiging epekto sa pamilya ang hindi mo pagsunod sa hakbang na ito? | Ano ang mga paraan ang iyong gagawin upang mapaunlad mo ang pagsunod sa hakbang na ito? |
|---|---|---|---|
| | | | |

Make beliefs comics (Comics)

**PAGSUSULIT**

Basahin ang mga katanungan na dapat itanong sa sarili kapag gumagawa ng mapanuri at mabuting pagpapasya. Sa ibaba, Isaayos ang pagkasunod-sunod ng mga tanong batay sa tamang hakbang sa pagpapasya.

| Bilang | Mga Hakbang |
|---|---|
| | Ang impormasyon tungkol sa suliranin ang kailangan kong malaman? |
| | Nalutas ba ang suliranin sa pasyang ginawa ko? |
| | Anong mga oposisyon o posibleng solusyon ang maari kong pagpilian? |
| | Ano ang problema? |
| | Ano ang maaring ibunga ng bawat oposiyon? |
| | Ano ang pipiliin kong pasya? |

Survey Monkey (Online Quiz)

Pagsusulit na ginagamitan ng Pagpapaliwanag:

1. Bakit kailangang isa-isip ang kabutihan ng pamilya bago gumagawa ng pagpapasya?

2. Paano mo malalaman kung tama ang ginawa mong pagpapasya?

Infogram (Poster)

| | | |
|---|---|---|
| **TAKDANG ARALIN** | Gumawa ng isang kontrata o pangako sa iyong pamilya tulad ng nasa ibaba. Ilapat mo ang iyong natutuhan tungkol sa mga tamang hakbang sa pagpapasya bilang kasapi ng iyong pamilya.<br><br>Ako, si _________________________, kasapi ng pamilyang (apelyido ng pamilya _______________________________, ay nagtatalaga ng aking sarili at nangangakong makikibahagi sa pagsunod sa mga tamang hakbang sa pagpapasya.<br><br>Ang mga tiyak kong gagawin para masunod ng bawat kasapi ng pamilya ang mga tamang hakbang sa pagpapasya ay ang sumusunod:<br>_________________________________________________________<br>_________________________________________________________<br>_________________________________________________________<br><br>Patnubay ng Magulang o Guardian<br>Gabay o payo tungkol sa tamang hakbang sa pagpapasya:<br>_________________________________________________________<br>_________________________________________________________<br>_________________________________________________________<br>_________________________________________________________<br>_________________________________________________________<br>Pangalan at Lagda: ________________________ Petsa: _________ | QR Code and Penzu |